

APPLICATION

- Naibigay mo na ba ang buo mong pagtitiwala kay Jesus, ang ating pundasyong-bato? Nais mo bang gawin ito ngayon at maging bahagi ng Kanyang pamilya? Hilingin sa isang kakilala mo na samahan kang manalangin upang tanggapin si Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas.
- Bilang mga mananampalataya, itinakda tayong mamuhay sa isang komunidad. Saang komunidad ng iglesia ka kabilang? Paano mo natutunang mapagtagumpayan ang mga pagkakaiba mo sa kanila at lumago kasama nila?
- May mga tao ba sa paligid mo na kailangang makilala si Jesus bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas? Paano mo sila matutulungang maranasan ang Kanyang kaligtasan at maging bahagi ng Kanyang pamilya?

PRAYER

- Magpasalamat sa Panginoon sa sakripisyo ni Jesus, na naging daan upang tayo ay maipanumbalik kay Cristo at maging bahagi ng Kanyang pamilya. Manalangin na ipaalala Niya sa iyo araw-araw na ikaw ay Kanya.
- Ipanalangin ang iyong pamilyang espiritwal. Humiling ng grasya sa Diyos upang magawa mong hindi pansinin ang inyong mga pagkakaiba at sa halip ay magtulungan kayo tungo sa Kanyang layunin.
- Humingi ng tapang sa Diyos para maibahagi mo ang ebanghelyo ni Jesu-Cristo sa iyong pamilya at mga kaibigan. Ipanalangin na maging bukas ang kanilang mga puso upang tanggapin Siya sa kanilang buhay.

STABLE & SURE

Ang Pamilya ng Diyos (Ang Banal na Templo sa Panginoon)

WEEK 3

WARM-UP

- Sino sa pamilya mo ang pinakamalapit sa iyo. Ano ang pinakanagustuhan mo sa kanya?
- Gusto mo ba ang mga gawaing kasama ang isang grupo ng tao o mas gusto mong mag-isa? Bakit?
- Magkwento tungkol sa isa sa mga kinabibilangan mong grupo ng magkakaibigan. Ano ang humatak sa iyo upang mapabilang sa grupong ito?

WORD ¹⁹Kaya kayong mga hindi Judio ay hindi na mga dayuhan o taga-ibang bansa, kundi kaisa na ng mga pinabanal at kabilang sa pamilya ng Diyos. ²⁰Tayong mga mananampalataya ay katulad ng gusali na ang mga haligi ay ang mga apostol at mga propeta, at ang pundasyon ay si Cristo Jesus. ²¹Sa pamamagitan ni Cristo, ang lahat ng bahagi ng gusali ay nagkakaugnay-ugnay at nagiging isang banal na templo ng Panginoon. ²²At dahil kayo ay nakay Cristo, bahagi na rin kayo nitong gusaling itinatayo, kung saan nananahan ang Diyos sa pamamagitan ng kanyang Espiritu. **MGA TAGA-EFESO 2:19-22**

Sumulat si Apostol Pablo sa mga mananampalataya sa Efeso, sa mga Judio at mga hindi Judio, para ipaalala sa kanila kung sino si Jesus at kung ano ang mga ginawa Niya para sa atin. Si Jesus ang pundasyong-bato, na itinakwil ng maraming tao pero ginamit ng Diyos para sa kaligtasan ng sangkatauhan (Salmo 118:21-22). Bilang ating pundasyong-bato, Siya ang Tagapagligtas at ang pundasyon kung saan natin maitatag at maiaayon ang ating mga buhay. Sa kabila ng pabago-bagong panahon at pangyayari, maaari tayong maging matatag at sigurado dahil tayo ay nakay Cristo, na matatag at sigurado. Ngayon, tingnan natin ang bunga ng pagiging pundasyong-bato ni Cristo sa buhay natin.



VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng materyal: Chrysse Manuel, Madel Vanguardia
victory.org.ph

1 Kay Cristo, tayo ay hindi na mga dayuhan o taga-ibang bansa, kundi kabilang sa pamilya ng Diyos.

Kaya kayong mga hindi Judio ay hindi na mga dayuhan o taga-ibang bansa, kundi kaisa na ng mga pinabanal at kabilang sa pamilya ng Diyos. MGA TAGA-EFESO 2:19

Bago tayo nakakilala at naniwala kay Cristo, *malayo* tayo at *hindi sakop ng kasunduan ng Diyos na batay sa pangako Niya*, at namuhay nang *walang pag-asa at walang Diyos* (Mga Taga-Efeso 2:12). Ngunit dahil sa sakripisyo ni Jesus, nailapit tayo at naibalik kay Cristo, bilang kabilang sa Kanyang pamilya. Dati, tayo ay mga kaaway Niyang namumuhay sa kasalanan at rebelyon laban Diyos, pero dahil sa pag-ibig, inampon Niya tayo sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, ayon sa layunin ng Kanyang kagustuhan. Ngayon tayo ay kabilang na sa pamilya ng Diyos. Siya ang ating mapagmahal na Ama, at tayo ang Kanyang minamahal na mga anak. Ano ang ibig sabihin para sa iyo ng pagiging anak ng Diyos?

2 Kay Cristo, tayo ay itinatatag at pinag-uugnay sa isa't isa.

Sa pamamagitan ni Cristo, ang lahat ng bahagi ng gusali ay nagkakaugnay-ugnay at nagiging isang banal na templo ng Panginoon. MGA TAGA-EFESO 2:21

Binigyang-diin ni Apostol Pablo ang katotohanang si Cristo, na Siyang kapayapaan natin, ang gumiba sa *pader na naghihiwalay sa atin* (Mga Taga-Efeso 2:14). Ibig sabihin, sa kabila ng pagkakaroon ng magkaibang pagkakakilanlan bilang Judio o Griyego, iisa lamang ang pagkakakilanlan ng mga mananampalataya ni Cristo, ang ating pundasyong-bato. Sa kabila ng ganap na pagkakaiba ng dalawang grupong ito, napag-isa sila sa isang komunidad dahil sa pananampalataya nila sa Panginoong Jesu-Cristo—isang katawan ng mga tagasunod ni Cristo (Mga Taga-Galacia 3:28). Maging sa kasalukuyan, pinapalakas nito ang loob natin. Sa kabila ng nagkakaiba-iba nating mga kagustuhan, personalidad,

politikal na pananaw, at kulturang pinanggagalingan, Siya na nagbubuklod sa atin ay nakahihigit sa anumang maaaring maghiwalay sa atin. Magbahagi ng panahong naging totoo ito para sa iyo.

3 Kay Cristo, tayo ay banal na templo at tirahan ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu.

²¹Sa pamamagitan ni Cristo, ang lahat ng bahagi ng gusali ay nagkakaugnay-ugnay at nagiging isang banal na templo ng Panginoon. ²²At dahil kayo ay nakay Cristo, bahagi na rin kayo nitong gusaling itinatayo, kung saan nananahan ang Diyos sa pamamagitan ng kanyang Espiritu. MGA TAGA-EFESO 2:21-22

Bilang komunidad ng mga mananampalataya, tayo ang iglesya kung saan nananahan ang Diyos. Ipinakita rin ni Jesus ang katotohanang ito sa mga disipulo Niya: *"Sapagkat kung saan may dalawa o tatlong nagkakatipon dahil sa akin, kasama nila ako"* (Mateo 18:20). Bagama't totoo na ang ating mga katawan ang *templo ng Banal na Espiritu* (1 Corinto 6:19), sa umpisa pa lamang ay nais na ng Diyos na manahan kasama ang Kanyang mga mamamayan. Maraming beses itong naipakita—nang maglakad Siya kasama nina Adan at Eva sa hardin ng Eden, noong ang presensya Niya ay nanahan kasama ng mga Israelita sa tabernakulo, nang mapuno ng kaluwalhatian Niya ang templong ipinatayo ni Haring Solomon, nang nagkatawang-tao si Jesus, at nang paulit-ulit na napuspos ng Banal na Espiritu ang mga grupo ng mga mananampalataya sa aklat ng Mga Gawa. Ano ang sinasabi ng katotohanang ito tungkol sa kung paano natin maipamumuhay ang pananampalataya natin bilang mga Kristiyano?
